Tagalog

Vol.39 | 2024.03

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation












Mga aktibidad noong piskal na taong 2023

## 【Naghahanap ng Global City Ota Ambassador (Cool OTA-KU ambassador) para sa Piskal na Taong 2024】

Ang Ota City ay naghahanap ng "Cool OTA-KU ambassador" (palayaw) na magpapalaganap ng halina at impormasyon ng Ota City.

- Kwalipikasyon para sa aplikasyon: Dayuhang nasyonal na 18 taong gulang o higit pa, at may kaugnayan sa Ota City, tulad ng naninirahan, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Ota City
- Papel na gagampanan ng ambassador:
  ① Gamit ang SNS, personal na koneksyon, atbp., ipapalaganap ang halina ng Ota City
  ② Lalahok sa mga kaganapan, exchange gathering, atbp. na gaganapin sa Ota City, atbp.
- Termino ng panunungkulan: Hulyo 2024 - Hunyo 2026 (Balak)
- Deadline: Dapat dumating ang aplikasyon bago Abril 8, 2024 (Lunes) ng 5:00 pm
- Paraan ng pag-apply: Personal na pagdala ng application form, pagpapadala gamit ang koreo, pag-FAX o pag-email　Makipag-ugnayan para sa mga detalye.



Sa pamamagitan ng mga aktibidad, magkakaroon ng pagkakataong malaman ang higit pa tungkol sa Ota City, at maraming makikilala. Nais mo rin bang maging aktibo sa Ota City? Inaasahan namin ang iyong aplikasyon.

Internationalization and Multiculturalism Section, Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-0052　Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1227　　FAX 03-5744-1323　　E-mail　boshu-kokusai@city.ota.tokyo.jp

···· Kailan　···· Magkano　···· Ilang tao　···· Mga dadalhin　···· Saan　···· Mag-apply sa　···· Makipag-ugnay sa

# 【Sundin natin ang mga patakaran sa pagtatapon ng basura】

Mga recyclables at basura na itinatapon araw-araw mula sa bahay. Naranasan mo bang magkaproblema sa paghihiwalay ng mga basura? Ngayon, ipapakilala namin ang mga parte kung saan madalas nagkakamali ang mga tao sa paghihiwalay ng basura.



©Ota City

### 〇Una　Malalaking basura

Ang mga gamit na may pahabang sukat na mga 30 cm o higit pa ay nagiging malalaking basura. Itinuturing na malalaking basura din ang mga bagay na binubuwag at inilalagay sa bag kung ang orihinal na sukat nito ay 30 cm o higit pa.

### 〇Ikalawa　Pagkakaiba ng materyales

Ang paraan ng pagtapon ng basura ay mag-iiba base sa klase ng materyales at porsyento na binubuo nito. Sundin ang pamamaraan ng pagtapon ng materyal na may pinakamalaking porsyento.

Ang Ota City ay gumawa ng "pamphlet sa dayuhang bersyon para sa paraan ng pagbubukod at pagtatapon ng basura at mga recyclables pa uliting gamitin" (Ingles, Intsik, Koreano, Tagalog, Nepali at Vietnamese). Manyaring sumangguni sa pamphlet para sa paraan ng paghihiwalay at pagtapon ng mga recyclables na hindi nakasaad sa itaas.



令和5年度作成
保存版
大田区
家庭から出る
資源とごみの分け方・出し方

資源及び全てのごみの収集は、朝8時から始まります。
収集日当日の朝、8時までに集積所に出してください。
収集日以外の日や夜間に出すことはご遠慮ください。

| | | | |
|---|---|---|---|
| 資源 | ○曜日 | 週1回 | 2ページ |
| 可燃ごみ | ○・○曜日 | 週2回 | 3ページ |
| 不燃ごみ | ○・○ ○曜日 | 月2回 | 4ページ |
| 粗大ごみ | 粗大ごみ受付センター ☎0570-037-530 | 事前申込制（有料） | 5ページ |

メーカー・販売店が回収するもの 6ページ
事業系の資源とごみ 10ページ
区立施設等で回収しているもの 7ページ
ごみのない循環のまちをつくります 11ページ
区では収集できないもの 8ページ
大田区ごみ分別アプリ 12ページ
その他のお知らせ 9ページ
資源とごみの分け方一覧表 資源・ごみ収集曜日、清掃事務所管轄地区一覧 （別表）


Sanitation Division　☎ 03-5744-1628　FAX 03-5744-1550
E-mail　kan-seso@city.ota.tokyo.jp


# 【Tungkol sa pagnanakaw ng bisikleta at paradahan ng bisikleta atbp.】

Mangyaring huwag iwanan ang iyong bisikleta sa kalsada o paligid ng istasyon ng tren. Iparada ito sa paradahan ng bisikleta. Maaaring kumpiskahin ang mga bisikletang iniwan sa paligid ng istasyon ng tren. Maraming mga paradahan sa Ota City. Ang oras ng paggamit at bayad sa paggamit ay naiiba depende sa paradahan ng bisikleta. Mangyaring kumpirmahin ito nang mabuti sa paradahan ng bisikleta o sa website ng Ota City.

Sa karagdagan, maraming bisikleta ang nananakaw sa Ota City. Siguraduhin i-lock ang iyong bisikleta kapag ipaparada ito kahit sa iyong tahanan o sa paradahan ng bisikleta.

Mas epektibong gumamit ng two-lock na nakalagay sa 2 parte ng iyong bisikleta dahil mas mahirap manakaw ang iyong bisikleta. Protektahan ang iyong mahalagang bisikleta gamit ang two-lock.


©Ota City


Urban Infrastructure Development Management Division　☎ 03-5744-1315　FAX 03-5744-1527
E-mail　toshikan@city.ota.tokyo.jp

## 【English Picture Book Story Time】

Ang storyteller volunteer na si "Lupines" ay magbabasa ng picture book sa Ingles, gagamit ng mga hand-gestures, kakanta, at iba pa. Sa pagiging pamilyar sa wikang Ingles sa pamamagitan ng picture book, magbibigay ito sa inyo ng kapaligiran na nagpapaunlad ng inyong kaisipan.

- Kada ika-4 na Sabado ng mga even-number na buwan 11:00 am
- Ikegami Library
- Libre
- 8 grupo bawat sesyon (1 grupo: bata at magulang, o tagapag-alaga)
- Kailangan ng reserbasyon
- Ikegami Library
  ☎ 03-3752-3341
  FAX 03-3752-9749




©Ota City

## 【Tungkol sa Bicycle Navigation Marks at Navigation Lines】

Ang Ota City ay naglagay ng mga bicycle navigation marks at navigation lines sa mga kalsada sa lungsod. Ang mga ito ay matatagpuan sa kaliwang gilid ng kalsada at nagpapahiwatig ng mga lokasyon kung saan inirerekomenda ang pagtakbo ng bisikleta.

・Mag-ingat at magpatakbo sa direksyon ng arrow ng marka.
・Magkaisa tayo sa pagpapatakbo ng bisikleta.
・Sa mga interseksyon na walang traffic light, mangyaring sundin ang patakaran at kaugalian sa trapiko, tulad ng pansamantalang paghinto, pagkumpirma ng kaligtasan sa kaliwa at kanan, atbp.
・Kapag lalampasan ang isang sasakyang nakaparada sa kalye, siguraduhing kumpirmahin na walang sasakyan na magmumula sa likuran.



**Pinagmulan ng impormasyon: Website ng Metropolitan Police Department**

Urban Infrastructure Development Management Division ☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527
E-mail toshikan@city.ota.tokyo.jp

## 【Ika-13 na 21st Century Sakura Festiva Festival】

Ang "21st Century Sakura Festival" ay isang kaganapan kung saan ang iba't ibang grupo, tulad ng neighborhood association / town association, lokal na mga negosyo, at mga kaugnay na organisasyon ay nagtutulungan upang palalimin ang ugnayan at pagalakin ang komunidad. Nagpaplano kami ng maraming masasayang kaganapan tulad ng mga stage performance, event corner, flea market, snack bar atbp.

Mga pag-iingat

・Maaaring may mga paghihigpit sa pagpasok sa loob ng venue sa araw na iyon.
・Mangyaring iwasan na pumunta gamit ang kotse.

- Marso 24, 2024 (Linggo) 10:00 am - 3:00 pm
- Yaguchi Branch Office/ Yaguchi Community Center
- Yaguchi Branch Office
  ☎ 03-3759-4686
  FAX 03-3759-1492
  E-mail yaguti@city.ota.tokyo.jp



## 【Gusto mo bang mag-aral ng wikang Hapon?】


Mayroon kaming volunteer Japanese class. Ang bayad, oras, lokasyon, at paraan ng aplikasyon ay naiiba sa bawat klase. Kapag may klase na interesado ka, mangyaring direktang makipag-ugnayan sa klaseng iyon. Para sa listahan ng mga klase, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.



©Ota City

## 【May mga ospital na maaaring tumugon sa dayuhang wika!】

Ipinakikilala sa "Ota Medical Book" ang mga ospital na maaaring tumugon sa dayuhang wika. Ang mga wikang sakop ay Ingles, Intsik, Vietnamese, at Nepalese. Mangyaring tingnan ang "Ota Medical Book" mula sa website ng Ota City.




## 【Kapag lilipat sa ibang lungsod, kailangan ng mga pamamaraan!】

Kapag lilipat sa ibang lungsod, kailangan ng pamamaraan na tinatawag na "moving out notice". Para sa mga detalye, mangyaring kumpirmahin mula sa website ng Ota City.

- Humigit-kumulang 14 na araw bago lumipat.
- Ota City Office Main Building o Branch Office
- Kapag magsasagawa ng mga pamamaraan, mangyaring magdala ng (mga dokumento ng inyong pagkakakilanlan) tulad ng residence card at individual number card.

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division ☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division

Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)

☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)

▼ Multilingual Consultation Desk

Possibleng makita ang back issue ▶